



PRESS RELEASE

AGARANG ILALABAS SA PUBLIKO: Mayo 28, 2020

MGA CONTACT SA MEDIA:

AQMD ng South Coast: Nahal Mogharabi, (909) 396-3773, Telepono: (909) 837-2431, press@aqmd.gov

AQMD ng Bay Area: Kristine Roselius, (415) 519-5419

AQMD ng Sacramento Metro: Jamie Arno, (916) 874-4888

Nagsampa ang AQMD ng South Coast ng Kasong Hahamon sa Administrasyong Trump na Ibalik ang Mga Pamantayan sa Malinis na Sasakyan

Nakiisa ang Mga Distrito ng Hangin ng Bay Area at Sacramento bilang Mga Kasamang Petitioner

DIAMOND BAR – Ngayong araw, naghain ng petisyon ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng South Coast (South Coast Air Quality Management District, South Coast AQMD) na hahamon sa U.S. Environmental Protection Agency o U.S. EPA (Ahensya sa Pagprotekta sa Kapaligiran ng Estados Unidos) at sa National Highway Traffic Safety Administration o NHTSA (Administrasyon sa Kaligtasan sa Trapiko sa Pambansang Punong Lansangan) na ibalik ang Panuntunang Mas Ligtas, Mas Abot-kaya, at Matipid sa Langis (Safer Affordable Fuel-Efficient o SAFE) na Mga Sasakyan na Mga Sasakyan na sinimulan ng Administrasyong Trump. Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) at ang Sacramento Metropolitan Air Quality Management District ay nakiisa sa AQMD ng South Coast bilang mga kasamang petitioner.

“Ang mga pagkilos na ito ang pipigil sa pagganda ng kalidad ng hangin at hindi ito sinusuportahan ng publiko, lokal na ahensya o ng industriya ng sasakyan,” **sinabi ni Wayne Nastri, Tagapagpaganap na Opisyal ng AQMD ng South Coast.** “Patuloy dapat tayong lumaban kasama ang Estado ng California para sa pagsulong ng mas malilinis na sasakyan at mga teknolohiyang walang emisyon para sa mga pinagkukunan ng sasakyan. Mahalaga ito sa pagkakaroon ng malinis na hangin at pagprotekta sa kalusugan ng mga taong pinagsisilbihan natin.”

Ang pagbalik nito ay magresulta sa paglabas ng mga karagdagang pamparumi ng hangin at emisyon ng Greenhouse Gas mula sa mga modelo ng pampublikong sasakyan ng 2021-2026 at mga light-duty truck at magpapahina sa mga pamantayan sa pagkaepisyente ng fuel na binuo noong 2012. Tinigil din nila ang produksyon ng mga elektronikong, hybrid at fuel-cell na sasakyan sa pamamagitan ng pagbawas sa dami ng kredito sa pagsunod na maaaring makuha ng mga manufacturer mula sa mga sasakyang ito.

“Habang nakatuon ang pansin ng mundo sa krisis sa kalusugan na dulot ng COVID-19, inilagay sa panganib ng Administrasyong Trump ang kalusugan ng milyon-milyong tao sa pamamagitan ng pag-alis sa mga pamantayan sa emisyon ng sasakyan ng bansa na nilalayong protektahan ang kalusugan ng publiko,” **ipinabatid ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air Quality Management District.** “Ang nakakabahalang aksyon na ito ay walang magandang patutunguhan para sa mga tagapagpatupad ng kalidad ng hangin at hindi basta hahayaang magpatuloy. Itutuloy ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang laban para protektahan ang mga pamantayan sa malilinis na hangin at ang kalidad ng buhay ng lahat ng residente ng Bay Area.”

“Ang SAFE Rule Part 2 ay hindi mainam para sa kapaligiran at kalusugan ng publiko, at tanging ang industriya ng langis lang ang makikinabang. Pahihinain nito ang mga pamantayan ng emisyon, patataasin ang mga benta ng mga sasakyang nagdudulot ng polusyon, na magiging mahal para sa mga consumer at makakadagdag sa polusyon mula sa mga sasakyang de-motor. Ang pagpapagaan sa mga pamantayang ito ay ang pinakabagong pagtatangka ng pederal na hadlangan ang pagsusulong ng California tungo sa malinis na hangin at kaunting carbon na hinaharap,” **ayon kay Dr. Alberto Ayala, Tagapagpaganap na Direktor at Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Sacramento Metropolitan.**

Isinampa ang kaso ngayong araw sa D.C. Circuit Court of Appeals. Ang petisyon ay karagdagan sa mga kasalukuyang kasong humahamon sa [pagbawi ng Administrasyong Trump sa pagpapawalang-bisa ng California](#) sa mga pamantayan sa GHG at walang emisyon na sasakyan, na nagtanggap sa kakayahan ng estado na magtakda ng sarili nitong mga pag-aatas kaugnay ng emisyon.

Ang AQMD ng South Coast ay ang ahensya sa pagkontrol ng pagpaparumi sa hangin para sa Orange County at sa malaking bahagi ng mga county ng Los Angeles, San Bernardino at Riverside, pati na ang Coachella Valley. Para sa mga balita, alerto sa kalidad ng hangin, update sa kaganapan at higit pa, bisitahin ang aming website sa www.aqmd.gov, i-download ang aming premyadong app, o i-follow kami sa [Facebook](#), [Twitter](#) at [Instagram](#).

###